Ang Paggamot ng Tuberculosis

Kayo ay magsisimula ng anim o siyam na buwang panahon ng paggamot ng Tuberculosis (TB). (Kung minsan ang panahon ng paggamot ay maaaring tumagal).

Mga gamot para sa TB

Ang anumang gamot ay maaaring magkaroon ng mga di kanais-nais na epekto, kabilang na rito ang gamot para sa TB. Inumin ang lahat ng gamot ayon sa tagubilin ng doktor . Susubaybayan ng doktor ang epekto ng anumang gamot na inireseta sa inyo sa paggamot ng inyong TB. Kung may di kanais-nais na epekto, ipaalam agad ito sa doktor ninyo.

Ang ilan sa mga di kanais-nais na epekto na dapat ninyong malaman sa panahon ng pag-
inom ng gamot para sa TB ay:

- Patuloy na pangangati.
- Pagkasira ng tiyan, pakiramdam na masusuka o pagkawalang ganang kumain.
- Pamimitig, pamamanhid o pangingilabot sa mga kamay at paa.
- Pagkakaroon ng butlig, pasa o paninilaw ng balat.
- Panlalabo ng paningin.
- Pagkakaroon ng ihing matingkad ang kulay.
- Paninilaw ng mga mata.

Ang mga sumusunod na gamot ay para sa TB at iniinom na nasa anyong tabletas .

ISONIAZID

Sa Isoniazid ay maaaring makaramdam kayo ng pagkapagod, pagsusuka at pagkawalang ganang kumain at, sa di malimit na pagkakataon, pamamanhid at pangingilabot sa mga kamay at paa.

RIFAMPICIN

Nakakabawas ng bisa ng kontrasepsiyon pill ang Rifampicin. Maaaring kinakailangan ninyong makipag-alam tungkol sa ibang porma ng kontraseptib sa inyong doktor o sa Klinika ng Pagpaplano ng Pamilya (Family Planning Clinic).

Kung kayo ay may lens implant o may contact lens, ipaalam ito sa inyong doktor sapagkat minamantsahan ng gamot na ito ang mga nabanggit.

Sa Rifampicin, magkukulay rosas ang inyong ihi, laway at pawis pero huwag kayong mabahala.

ETHAMBUTOL O MYAMBUTOL

Kahit na regular na tinitignan ng klinikang inyong pinupuntahan ang paningin ninyo, kailangang ipagbigay-alam kaagad sa doktor kung nagkakaroon kayo ng problema sa paningin. Itigil din ninyo ang pag-inom ng

gamot sa TB hangga't hindi kayo pinagpapayuhan ng inyong doktor na inumin itong muli.

PYRAZINAMIDE

Maaaring makaramdam kayo ng pagsusuka at pagkawala ng ganang kumain sa Pyrazinamide. Karaniwan lamang na iniinom ang gamot na ito sa unang ikalawa o ikatlong buwan ng paggagamot. Ipaalam kaagad sa inyong doktor ang anumang hindi maipaliwanag na pangingirot, pananakit, lagnat o pamumutlig

REGULAR NA INUMIN ANG INYONG GAMOT

Mahalaga na ang lahat ng gamot ay inumin ayon sa payo ng doktor. Ang hindi regular na pag-inom ng gamot ay maaaring magkaroon ng seryosong reaksiyon, at pagkakawalang-bisa ng gamot. Iwasan ang pag-inom ng alkohol dahil sa pagdadagdag ng pagkakalason sa gamot (drug toxicity) at pagkakaroon ng di kanais-nais na epekto.

PAGSUSURI SA PANAHON NG PAGGAGAMOT

Kayo'y hihilingan ng inyong doktor ng mga pagsusuri ng dugo ninyo (blood tests) paminsan-minsan para masiguro na mabisa ang gamot na iniinom ninyo. Ang iba pang mga pagsusuri, tulad ng pagususuri ng lura at ihi, ay maaaring isagawa din para malaman ang progreso ng inyong paggaling.

Kailangan pa ba ninyo ng mas maraming Impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnay sa:

TB Program
Disease Control Section
Department of Human Services
GPO Box 1670N
Melbourne 3001

Telepono (03) 9637 4115

Inilathala ng Pangkat ng Mga Nakakahawang Sakit Sangay ng Pampublikong Kalusugan, Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao.

Ang impormasyong ito ay hango sa pinakahuling impormasyon noong Enero 1998.

Dinisenyo at ginawa ng Yunit ng Pantaong Komunikasyon

Matatagpuan sa Internet sa http:/hna.ffh.vic.gov.au